# Trichomonas

*(tinatawag ding "TRICH")*

Ang trichomonas ay isang impeksyon na nakukuha sa pakikipagtalik [sexually transmitted infection (STI)] na dulot ng protozoa. Nakakahawa ito sa lahat ng tao sa lahat ng kasarian, ngunit nagdudulot ito ng mas maraming sintomas sa tao na may vagina.

## *Paano kumakalat ang trichomonas?*

Ang trichomonas ay ipinapasa mula sa isang tao patungo sa isa pa sa panahon ng vaginal sex. Hindi kami naniniwala na ang trichomonas ay maaaring maipasa sa pamamagitan ng oral o anal sex.

## *Paano ko malalaman kung mayroon ako nito?*

**Mga sintomas sa vagina:**

- Kulay dilaw-berde o abo, bumubulang likido (bubbly fluid) mula sa vagina na maaaring may hindi kanais-nais na amoy.
- Nangangati o napapaso sa vagina o sa paligid ng vagina.
- Nananakit o napapaso sa pag-ihi.
- Ang mga vaginal secretion (mga likido) ay sinusuri sa ilalim ng mikroskopyo ng isang clinician upang magawa ang pagsusuri.
- Maaari din kaming magpadala ng sample ng ihi o vaginal swab para masuri ang impeksyon.

**Mga sintomas sa penis:**

- Kadalasan ang mga tao na may penis ay walang anumang mga sintomas o problema at hindi nila alam na sila ay nahawaan.
- Maaaring magkaroon ng kawalan ng ginhawa at pangangati sa penis, madalang ang discharge.
- Madalang, nananakit o napapaso sa pag-ihi.
- Maaari kaming magpadala ng sample ng ihi sa lab para suriin kung may impeksyon. Karaniwan naming ginagawa ito kapag ang iyong partner ay may trichomonas.

## *Paano ko maiiwasan ang pagkakaroon ng trichomonas?*

Kung iniisip mong makipagtalik sa isang bagong partner:

- Ang mga condom ay mabisa sa pagbabawas ng panganib ng impeksyon.
- Huwag makipagtalik kung ikaw o ang sexual partner ay mayroong mga sintomas ng STI, kabilang ang discharge, napapaso sa pag-ihi, rash, o mga genital sore.

## *Ano ang maaari kong gawin kung mayroon akong trichomonas?*

- Bibigyan ka ng iyong clinician ng antibiotic na tinatawag na metronidazole na magpapagaling sa trichomonas. Ang mga partner na may penis ay dapat gamutin kahit na maaaring wala silang anumang sintomas.
- Kung ikaw ay maaaring buntis, sabihin sa iyong doktor.

- Iwasan ang vaginal sex sa loob ng isang buong linggo pagkatapos mong simulan ang iyong paggamot. Kung makipagtalik ka, gumamit ng condom para maiwasan ang muling impeksyon.

**Para sa higit pang impormasyon:**
Mangyaring makipag-usap sa iyong City Clinic clinician o sa iyong sariing health care provider. Ang sumusuod na mga website ay nag-aalok din ng makakatulong na impormasyon:

**Pangkalahatang STI**
www.ashasexualhealth.org (mayroon din sa Español)
www.cdc.gov/std/
www.sfcityclinc.org

www.sfsi.org/www.scarleteen.com

**Teens**
www.iwannaknow.org

www.kidshealth.org/teen
(mayroon din sa Español)

**Contraception at STI/sex info**
www.bedsider.org

Para sa STI check-up o paggamot,
makipagkita sa iyong health care provider, local clinic, o pumunta sa:

City Clinic
A landmark in prevention

City Clinic
356 7th Street
(sa pagitan ng Folsom at Harrison)
San Francisco, CA 94103
(628) 217-6600
www.sfcityclinic.org